IMMACULADA

Parokya ng Immaculada Concepcion
Pto Rivas, Balanga City
Tel. No. 237-0207

Vol l, Isyu l
October 2006

Ang Ating Simbahan

Ika-26 na Taon

Sa darating na Nobyembre 29, 2006, ang ating simbahan ay 26 na taon na bilang Parokya. Papuri at pasasalamat sa Diyos na ating Tagapagligtas sa biyaya ng pag iral sa pamamagitan ng paglilingkod ng mga Kristiyanong puno ng pagmamahal sa Diyos.

Ang Pto Rivas, batay sa kasaysayan ay pinagmulan ng mga unang Bayani ng Bayan na unang lumaban sa mga mananakop. Ang Pto Rivas ay pinagmumulan ng mga lider pang probinsya ay pang bayan. Ang Pto Rivas ay pinagmumulan ng mga taong may natatanging galling at talino sa halos lahat na larangan ng pamumuhay. Ating purihin ang Diyos sa biyayang ito na ipinagkaloob sa ating lugar. Halinang maging Bayani at Banal tanda ng ating pagsunod sa Poong Maykapal.*

Mass Schedule

Lunes = 6:00 AM
Martes = 6:00 AM
Miyerkules = 6:00 PM
Huwebes = 6:00 AM
Biyernes = 6:00 PM
Sabado = 6:00 AM

Anticipated Mass: Sabado
Lote = 6:00 PM
Draga = 7:30 PM

Linggo
Pto Rivas = 7:30 AM
Pto Rivas = 5:00 PM
Tortugas = 6:30 PM

KATAPATAN

Hindi inaasahan ng Diyos na maging perpekto ka, pero gusto nya na maging tapat ka sa kanya.

Kapag tayo ay sumamba, ang Diyos ay hindi tumitingin sa laman ng ating mga labi. Ang tinitingnan niya ay ang laman ng ating puso.

Ang pagsamba ay dapat tunay at taos sa puso. Ang mahalaga ay hindi ang mga salitang ginagamit mo kundi ang iyong sinseridad sa pagbigkas ng mga salita.

Hindi pwedeng sabihing iisa lang ang karapat dapat na estilo o pamamaraan sa pagsamba sa Diyos. Isang bagay lang ang sigurado, hindi mo maluluwalhati ang Diyos kung pipilitin mong maging katulad ng ibang tao.

Kapag pagod ka pero bumabangon ka para sumamba o kapag tumutulong ka sa iba kahit said na said kana, ikaw ay nag aalay ng pagsamba sa Diyos, nalulugod ang Diyos.

Ang pinakamalalim na antas ng pagsamba ay ang pagpupuri sa Diyos kahit na tayo ay nasasaktan, - pagpapasalamat sa kanya sa gitna ng isang pagsubok, - pagtitiwala sa kanya kapag tayo ay natutukso, - pagsuko sa kanya sa gitna ng pagdurusa at pagmamahal kahit na siya ay parang malayo.

Ang karaniwang pagkakamali ng mga kristiyano ngayon sa pagsamba ay ang maghanap ng isang karanasan kaysa maghanap sa Diyos. Oo nga at nais ng Diyos na madama ang kanyang presensya, pero mas gusto nya ang magtiwala ka sa kanya kaysa maramdaman mo sya. Pananalig, hindi damdamin ang nakakalugod sa Diyos. = Nagpupuri ka sa Diyos hindi para bumuti ang pakiramdam, kundi upang makagawa ng mabuti.

Kung nadarama mong iniwan ka ng Diyos ngunit patuloy kapa ring nagtitiwala sa kanya, ikaw ay sumasamba sa kanya sa pinaka malalim na paraan.*

Bakit Kailangan ang Babasahing Ito?

Ang pangunahing dahilan ng babasahing ito ay bilang pagtugon sa misyong iniatas ni Hesus sa Kanyang mga Apostol,**"Gawin ninyong alagad ko ang lahat ng bansa… at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-uutos ko sa inyo"(**Mt.28:l9-20) Ang layunin ay makapagbigay ng mabisang paraan ng pagtuturo ng Pananampalatayang Katoliko sa mga taga-Pto Rivas, lalo't higit ang nakararaming hindi na dumadalo sa mga pagdiriwang ng Simbahan. Layunin din nito ang magpahatid ng balita sa mga pangyayari sa ating Simbahan. Ito rin ay pagtugon sa pangarap ng ating Diyosesis: ang maging Bayani at Banal na napapaloob sa pangarap ng Diyosesis ng Balanga na H.E.R.O.

Sa puso at diwa, ating pag ibayuhin ang ating pagkaka-isa. *

"Ang Parokya ay bahagi ng Diyosesis na ipinagkatiwala ng Obispo sa pangangalaga ng isang pari upang ito ay mapaglingkuran nang lubusan."

"Ang Bibliya Lamang" ang Batayan ng Pananampalataya?

Walang nabanggit na bibliya si Hesus. Hindi Niya tayo inutusan na maniwala sa libro. Hindi natin makikita na inutusan Niya ang mga Apostol na sumulat ng Aklat.Sa panahon ng mga Apostol ay ni walang Bibliya. Ang itinatag ni Hesus ay hindi Aklat na basehan ng pananampalataya, kundi ang Simbahan bilang "**haligi at saligan ng katotohanan**" (l Tim.3:l5). Ang ipinangako ni Hesus ay hindi aklat kundi ang Kanyang sarili:"**Tandaan ninyo, ako'y lagging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon**(Mt.28:20) at ang Espiritu Santo ay papatnubay sa mga Apostol at sa mga kahalili nito sa kaganapan ng katotohanan matapos ang pag-akyat ni Hesus sa kalangitan (Jn.l4:l6-l7). Sinabi din niya,"**Kung ayaw ring makinig sa Iglesya, ituring mo siyang parang Hentil o isang maniningil ng buwis."** (Mt.l8:l7)

Tradisyon at Bibliya

Nang unang siglo, bago pa man mabuo ang bibliya, pinaniniwalaan na ng mga Kristiyano ang turo ng mga Apostol, bilang batayan ng kanilang pananampalataya na tinatawag ng simbahan bilang 'Banal na Tradisyon'. Ang mga tradisyong tinutukoy ay hindi kaugaliang tao na binanggit sa Mt.l5:3,6-9, na sinusundan ng mga Pariseo., subalit ang tradisyong naturan ay tinatanggap na may patnubay ng Espiritu Santo. Sa katunayan, ang mga salitang Bibliya, Purgatoryo, Santisima Trinidad at Pag-akyat ng Mahal na Birhen ay nagmula sa Tradisyon ng mga unang Kristiyano. Kinalaunan, nang ang Bibliya ay mabuo, pinagtibay nito ang mga Tradisyon.

2 Thess. 2:l5 = **"Kaya nga, mga kapatid, magpakatatag kayo sa mga katotohanang itinuro namin sa inyo, batay sa sinabi at isinulat namin."**

I Cor. l l: 2 = **"Ipinagmamalaki ko kayo dahil naaalala ninyo ako at sinusunod ninyo ang mga itinuro ko sa inyo." ***

Pangarap ng Diyosesis ng Balanga

H ay para sa Holiness
through prayer and charity
E ay para sa evangelization by all, for all and in all
R ay para sa relationship of love
O ay para sa opnenness
to receive and to give.

Pangarap ng Parokya

Iminulat ng pananampalataya

Magmahalan at magmalasakitan
Magkaisa sa pagkakaloob at pagbabahaginan
Angking talino, yaman at panahon
Communio ang hamon at tugon

Umunlad sa kabayanihan at kabanalan
Landas na aming sinusundan

Ama, Anak at Espiritu Santo

Diyos naming totoo, kami'y pagpalain Mo
Aming paglilingkod Iyung-iyo.

Kalinisan ng Pamayanan

Bukod sa buwanang panalangin at vigil ng Adoracion Nocturna Filipina (ANF), ang kalinisan ng pamayanan ay pinasinayaan ilang buwan na ang nakaraan. Tuwing ikalawang Sabado ng buwan, ang mga bumubuo ng ANF, sa pakikipag-tulungan ng ating mga Opisyal ng Barangay, ay maglilinis sa ating mga daan at kanal bilang pag uumpisa ng malasakit sa ating pamayanan. Maliit na pamamaraan subalit naghahangad na itaguyod ang paniniwalang kaya nating panatilihing malinis ang tapat ng bakuran. Ang kalinisan ng pamayanan ay magsisimula lamang sa kalinisan ng sariling bakuran. **Halinang maki-isa, tapat mo, linisin mo.**

Paanyaya: Magkakaroon ng vigilia ang mga Adorador (ANF) sa ika-28 ng Oktubre para sa mga Pumanaw na Mahal sa Buhay, ganap na ika-9 ng gabi sa ting simbahan. *

Sponsor: Sto Cristo Parish
Fr. Gerry Jorge

Bible Sharing ng Kabataan

Tuwing araw ng Biyernes, ika-8 ng gabi, ang ating mga kabataan ay nagtitipon upang magbahaginan ng mga karanasan hinggil sa pagsasabuhay n gating pananampalataya. Kung ikaw ay kabataan, tinatawagan ka ng Diyos na tumugon sa pakikinig at pag-aaral ng Salita ng Diyos. Huwag mahihiya, huwag mag atubili, halinang maki-isa sa makabuluhang gawaing ito. *

Munting Pamayanang Kristiyano ng Pto Rivas (Coop)

Pasasalamat ang ipina-aabot sa mga taong may bukas na kalooban sa pagtulong sa pagsuporta sa ginanap na raffle, 'Nakatulong ka na, may Cellphone ka pa" Ang nalikom na pondo ay ilalaan bilang dagdag puhunan ng samahan at pang gastos ng simbahan.

Bigasang-Bayan ating suportahan. Sis Conching Bangco(Pto Rivas) at Baby Sanchez(Tortugas) ay puntahan kung nais makatulong. Sa pamimili ng bigas, nakatulong ka pa.

Paanyaya: magkakaroon ng training sa pag gawa ng sardines at bagoong upang iangkat sa ibang bansa, na gaganapin sa ika-27 ng Oktubre sa Parish Hall ng parokya, mula ika-9 ng umaga.*

Paanyaya't Paalala

LINGGO, ang araw na ginawa ng Diyos upang tayo ay magpahinga, magpuri at mag pasalamat sa lahat ng biyayang ipinagkakaloob. Isang oras lamang ang hinihingi upang tayo ay magtipon sa **Banal na Misa**. Kailan mo pa tutupdin ang atas na ito? Kung ikaw ay malamig na bangkay at ililibing na? Halinang mag samba, kasama ang pamilya.

Mensahe:

Payak man at maikli, hangarin nito, puso nati't isipan ay mabuksan tungo sa kalooban ng Diyos na mapagmahal.

Halinang maki sangkot sa mga Gawain n gating simbahan.

Anumang suggestions ay maari po ninyong ipa-abot upang ating mapag yaman itong ating munting kasulatan.

Fr. Lides S. Pomer
Kura Paroko